Kagawaran ng Edukasyon sa NSW

# Mga aktibidad na kukumpletuhin sa bahay

## Impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

Upang mapasigla ang kanilang natututunan sa paaralan, makakatanggap ang iyong anak ng mga aktibidad na maaari nilang kumpletuhin sa bahay.

Himukin ang iyong anak na kumpletuhin ang mga aktibidad at pag-usapan ang tungkol sa kanilang ginawa. Ang pagsusuporta sa iyong anak sa pamamagitan ng paraang ito ay nagbibigay sa iyo ng isang pagkakaunawa sa kanilang mga natututunan sa paaralan at ipinapakita sa kanila na mahalaga para sa iyo ang edukasyon at pag-aaral.

Ang pagkumpleto ng mga aktibidad sa bahay ay magbibigay sa iyong anak ng pagka-kataon na:

- balik-aralin ang mga bagay na natutunan nila sa paaralan,
- pagtibayin ang kanilang pagkakaunawa at mga kasanayan,
- makabuo ng mga kasanayan sa pag-aaral na gagamitin nila panghabang-buhay.

### Pagtatatag ng mga magagandang gawi sa bahay

Ang pagkakaroon ng mga magagandang gawi ay makakatulong sa buhay sa paaralan at trabaho ng iyong anak.

- Magtakda ng isang regular na panahon upang makumpleto ang mga aktibidad – dapat ito ay nasa magkakaparehong oras bawat araw.
- Pumili ng pinakamahusay na panahon para sa iyong anak (ang ilang mga bata ay mas mabuting mag-isip sa umaga, ang iba ay sa hapon).

Mas mabuti para sa iyong anak kung mayroon silang isang komportableng lugar.

- Maglaan ng isang tahimik at maliwanag na lugar para makapagtrabaho ang iyong anak.
- Ilapit ang mga kakailanganin nilang mga bagay katulad ng mga lapis, papel o kompyuter.
- Humanap ng isang lugar na walang mga isturbo (halimbawa, malayo sa telebisyon o mga laro sa kompyuter).

### Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Maging mausisa at magtanong ng tungkol sa mga ginagawa nila.
- Hilingin sa kanila na turuan ka ng mga bagay na napapag-aralan nila.
- Tingnan kung kailangan nila ng tulong.
- Purihin ang kanilang mga pagsisikap habang sinusubukan nilang kumpletuhin ang aktibidad.
- Hilingin sa guro na magamit ang anumang mga mapagkukunan na sumusuporta sa mga magulang at mga tagapag-alaga.

Tandaan na ang pagkumpleto ng mga aktibidad sa bahay ay dapat na isang positibong karanasan para sa iyong anak.

Ipagbigay-alam sa guro kung nangangailangan ang iyong anak ng karagdagang tulong o mga partikular na pagsasaayos upang makumpleto ang kanilang mga aktibidad.

### Serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung nangangailangan ka ng tulong ng isang interpreter upang makontak ang paaralan, pakitawagan ang 131 450, at sabihin sa opereytor kung anong wika ang kailangan mo at hilingin sa kanila na tumawag sa paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa linya upang matulungan ka sa iyong pag-uusap. Hindi ka magbabayad sa serbisyong ito.